# BPI-LBNCRDPSC

## VISION

A recognized and leading Research Development and Production Support Center for lowland vegetables.

## MISSION

Generate crop farming technologies and produce quality seeds of lowland vegetables to ensure sustainable production.

## CORE VALUES

**SPICE IT!**

**S**ervice Orientation. We are proactive and we value our clients.

**P**rofessionalism. We are competent and we abide with the government's Code of Ethics. We are fair and just in the delivery of our service to our clients and personnel.

**I**ntegrity. We are transparent, honest and accountable for our actions.

**C**ommitment. We work with passion and dedication.

**E**xcellence. We produce the best results.

**I**nnovative. We find new solutions.

**T**eamwork. We exercise partnership and camaraderie.


*Inihanda nina:*

Herminigilda A. Gabertan, PhD/Agricultural Center Chief IV
Lorna M. Tepper/Senior Agriculturist
Meanne P. Andes/Engineer II
Jamil P. Cruz/Project Assistant II



Mula sa proyektong pinondohan ng
Department of Science and Technology
Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development

Empowering Los Baños Communities through Science-based Home and Community Gardening


Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o sumulat sa:


**THE CENTER CHIEF**
BUREAU OF PLANT INDUSTRY
Los Baños National Crop Research,
Development and Production Support Center
4030 Los Baños,Laguna

(049) 536-0285
(049) 536-7931; 536-0285, 536-6462
bpi_losbanos@buplant.da.gov.ph
Bureau of Plant Industry – Los Baños Center


**Department of Agriculture**

**Bureau of Plant Industry**

**Los Baños National Crop Research, Development and Production Support Center**

# GABAY SA PAGTATANIM NG KAMATIS



# PAGTATANIM NG KAMATIS

Ang kamatis(*Solanum lycopersicum*) ay nabibilang sa pamilya ng **Solanacaea**. Ang bunga nito na karaniwan ay mamula mula ay mayaman sa lycopene na mabuti sa kalusugan.

Ang bunga ng kamatis ay maaaring kainin ng hilaw o luto . Maaari itong gamitin bilang sangkap sa ibat-ibang lutuin, sarsa, salad at inumin.

## Mga Dapat Tandaan sa Pagtatanim

### Klima at Lupa

Para sa mataas na ani, ang lugar na malamig at di gaanong inuulan ay mabuti para sa pagtatanim ng kamatis bagamat nabubuhay din ito sa iba't-ibang klima. Ang temperatura na pinakamabuti para sa kamatis ay sa pagitan ng 21-24C.

Ang lupa na "sandy loam" at "clay loam" na mataas sa "organic matter" ay mabuti para sa pagtubo ng kamatis. Hindi dapat itanim ang kamatis sa lugar na madalas may tubig o binabaha. Ang "soil pH" sa pagitan na 6.0-6.5 ay makabubuti para sa kamatis.

### Paghahanda ng Punla

Ihanda ang media na pagpupunlaan. Paghalu-haluin ang 1 bahagi ng vermicompost (organikong pataba), 1 bahagi ng kwerdas (coconut coir dust) at isang bahagi ng lupa (1:1:1). Ilagay ito sa punlaang tray (lagayan ng punla). Ilagay ang buto sa punlaan at tabunan ng kaunting lupa. Ilipat ang punla kapag ito ay sumibol na sa panibagong lagayan upang mas lumaki. Diligan ng Tropical Herbal Nutrient (THN) o Fermented Plant Juice (FPJ) ang punla isa hanggang dalawang beses sa isang linggo.



Pagpupunla ng buto



Paglilipat ng punla sa panibagong lagayan/ trey na punlaaan

### Paghahanda ng Lupang Taniman

Ihanda ang lupang taniman na may lawak na 0.75m o-1.00 metro. Maaaring maglagay ng plastic mulch o dayami (kinuha mula sa organikong taniman ng palay) sa lupang pagtataniman upang mabawasan ang pagtubo ng damo at mapigilan din ang mabilis na pagkatuyo ng lupa. Gumawa ng butas na may layong 30 cm o 40 cm sa sa mulch upang paglagyan ng punla



Paglalagay ng plastic mulch sa kamang taniman

Kung walang bakanteng lupang taniman ay maaaring magtanim sa mga bakanteng basyo, plastik, sako o paso.

### Paglilipat Tanim

Maaari nang ilipat sa taniman ang punla 3 linggo mula ng sumibol o kapag nagtataglay na ng 3 o 5 dahon. Ilipat ang tanim sa dakong umaga o hapon kung kailan hindi matindi and sikat ng araw upang maiwasan ang pagkatuyo ng punla.





### Pangangalaga sa Nutrisyon ng Kamatis

**Paglalagay ng pataba sa halaman**

Ilagay ang organikong pataba (vermicompost) 0.5kg/$m^2$ hanggang 1.0kg/$m^2$. sa lupang pagtataniman 3 o 7 araw bago magtanim o maglipat tanim.,

**Pangkokondisyon ng lupa**

Idilig sa kamatis ang Fermented Plant Juice (FPJ) o Tropical Herbal Nutrient (THN) na inihalo sa tubig (10-12mL sa bawat 1 litrong tubig) 1 o 2 beses sa isang linggo pagkalipat tanim hanggang mamulaklak. Maaari ding idilig sa halaman ang goat manure at vermicompost extract isang beses sa isang linggo (10-12mL sa bawat 1 litrong tubig)

### Paglalagay ng Balag "Trellis"

Kinakailangan ang balag o *trellis* upang masuportahan ang bigat ng bunga ng kamatis. Maaaring gamitin na balag ang alambre, sanga ng kawayan at plastic straw na itinali sa kawayan.



### Pag-aani

Ang kamatis ay maaari nang anihin kapag ito ay kulay kahel na (*close to table ripe-stage*). Para sa pagbibinhi, anihin ang kamatis na mamula mula na ang bunga (*fully ripe stage*).



Close to table ripe-stage



Fully ripe stage

### Pagbubuto at Pag-iimbak ng Buto

Hatiin ang bunga ng kamatis at kunin ang buto. Ilagay sa tubig ang buto upang malinis. Para sa maramihang pagbubuto, hatiin ang mga kamatis, ilagay sa isang lagayan at hayaang manatili ng isa hanggang 3 araw. Pagkatapos ay hugasan ang kamatis at salain ang buto. Ilagay sa tubig ang buto. Alisin ang mga buto na lumutang sa tubig at iwan ang mga lumubog na buto. Ang lumubog na mga buto ang mainam na binhiin.







Ilagay ang buto sa screen or net at hayaang matuyo sa hangin ng 3 araw bago ibilad sa araw ng 5 araw o hanggang matuyo.

Ang natuyong buto ay maaari nang ilagay sa mga polyethylene plastic bag, bote, garapon o papel bago itabi sa imbakan. Ang imbakan ay nararapat na tuyo, mababa ang temperature at halumigmig upang mas humaba ang buhay ng buto.





**Reference:**

Bureau of Plant Industry. Organic Tomato Seed Production Guide. 2020